EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MOSCOW, RUSSIAN FEDERATION

**ADVISORY NO. 7-20**
**19 January 2020**

# POLO/OWWA OUTREACH

Maglulunsad po ng **OWWA membership** at **OEC processing** and Philippine Overseas Labor Office ng Berlin sa Embahada ng Pilipinas sa Moscow sa **ika-1 (Sabado) at 2 (Linggo) ng Pebrero 2020 mula 10:00 AM hanggang 4:00 PM**. Ito po ay pangungunahan nila Labor Attachè Delmer Cruz at Welfare Officer Sylvia Gabriel.

## OWWA Membership

Kung kayo ay Filipino at nagtatrabaho sa Russia, full time o part time, may papel o wala, maari kayong maging miyembro ng OWWA.

Para sa mga magpaparehistro o magrerenew ng kanilang membership sa OWWA, mangyaring pakihanda ang mga sumusunod:

1. Accomplished OFW Information Sheet na pirmado ng aplikanteng OFW;
2. Employment contract o anumang proof of employment gaya nang Certificate of Employment o Application for Philippine Insurance **na pirmado ng inyong employer**;
3. Kopya ng Passport na may validity na hindi bababa sa anim na buwan; at
4. US$ 25.00 para sa dalawang taong membership.

Ang forms para sa no. 1 at 2 sa itaas ay kasama sa advisory na ito.

Para po mapadali ang pag-proseso, maari po ninyong ipadala ang accomplished forms sa nos. 1 at 2 sa polo_moscow@dole.gov.ph.

Sa mga hindi makakarating, maaari ninyong ipadala ang mga nasabing requirements sa inyong kinatawan.

## Overseas Employment Certificate (OEC)

Para naman sa mga magbabakasyon sa Pilipinas at nais kumuha ng OEC, mangyaring pakidala ang mga sumusunod na requirements:

1. Employment contract;
2. Passport copy na may validity na hindi bababa sa anim na buwan;
3. Kopya ng inyong residence ID o visa; at
4. US $12.00 para verification fee at OEC fee.

Sa karagdang tanong, mag-email lang po sa polo_moscow@dole.gov.ph.

Maraming salamat po.

**CARLOS D. SORRETA**
Ambassador